BAY AREA
AIR QUALITY
MANAGEMENT
DISTRICT

Plano para sa Mga Serbisyo sa Wika para sa Mga Populasyong May Limitadong Kaalaman sa Ingles

Setyembre 2023

Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area
375 Beale Street, Suite 600 San Francisco, CA 94105
Pangunahing Numero ng Telepono: (415) 749-5000
baaqmd.gov

Talaan ng Mga Nilalaman

Listahan ng Mga Talahanayan 4

Listahan ng Mga Figure 5

Listahan ng Mga Acronym at Pagdadaglat 6

Ehekutibong Buod 7

Panimula 10

- Awtoridad at Gabay 11
- Gabay ng Tagatanggap ng Ahensya para sa Proteksyon ng Kapaligiran para sa Mga May LEP 12

Pagsusuring May Apat na Salik 14

- Pagsusuri sa Salik 1: Ang bilang o porsyento ng mga taong may LEP na kwalipikadong pagserbisyuhan o malamang ay makaugnayan sa populasyong kwalipikado sa serbisyo 14
  - Mga Gabay sa Safe Harbor para sa Pagsasalin 20
  - Mga Inirerekomendang May Priyoridad na Wika para sa Rehiyon 20
- Pagsusuri sa Salik 2: Ang dalas ng contact ng mga indibidwal na may LEP sa mga programa o serbisyo ng Distrito ng Hangin 21
  - Pagsusuri ng Data at Mga Napag-alaman 21
  - Buod 26
- Salik 3: Ang uri at kahalagahan ng programa, aktibidad, o serbisyong ibinibigay ng Distrito ng Hangin sa mga indibidwal na may LEP 26
- Salik 4: Ang mga resource na available sa Distrito ng Hangin at ang pangkalahatang gastos sa pagbibigay ng tulong sa wika 29

Mga Hakbang para sa Tulong sa Wika 31

- Mga Kasalukuyang Hakbang para sa Tulong sa Wika 31
  - Nakasulat na Tulong sa Wika 31
  - Pasalitang Tulong sa Wika 31
- Mga Hakbang para sa Tulong sa Wika sa Hinaharap 31

Mga Alituntunin sa Mahahalagang Dokumento 33

Gabay sa Pagsasalin ng Wika 33
Mga Tier ng Mahahalagang Dokumento 36
Tier 1: Mga kritikal na dokumento 36
Tier 2: Mga dokumentong magpapadali sa access sa mga serbisyo o programa ng Distrito ng Hangin 36
Tier 3: Mga dokumentong magpapahusay at susuporta sa pakikibahagi ng mga taong may LEP sa mga programa at pagpapasya ng Distrito ng Hangin 37
Pagsasanay ng Staff 38
Mga Materyales ng Pagsasanay 38
On-Boarding 38
Pag-abiso sa Mga Taong May LEP 39
Input mula sa Mga Partner sa Komunidad at Pag-update sa Plano para sa Hinaharap 40
Appendix A: Mga Tala sa Data ng Census 42
Data sa Mga Ginagamit na Wika 43
Appendix B: Mga Mapa ng Density ng Wika 44
Appendix C: Input ng Mga Staff ng Distrito ng Hangin 54
Survey 54
Mga Interview sa Dibisyon/Opisina 54
Focus Group ng Staff sa Frontline 55
Appendix D: Mga Gastos sa Pagsasalin 57

Listahan ng Mga Talahanayan

Talahanayan 1	Mga Wikang Ginagamit sa Bahay ayon sa Kakayahang Magsalita ng Ingles, Mga Taong May Edad na 5 Pataas, 2017-2021, Hindi "Mahusay*" Magsalita ng Ingles
Talahanayan 2	Antas ng Contact ng Mga Dibisyon ng Distrito ng Hangin sa Pangkalahatang Publiko
Talahanayan 3	Bilang ng Mga Natatanging Pagbisita sa Page sa Website ng Distrito ng Hangin Noong 2022
Talahanayan 4	Bilang ng Mga Tawag para sa Pag-interpret sa Telepono Noong 2022
Talahanayan B1	Wikang Ginagamit sa Bahay para sa Populasyong May Edad na 5 Pataas
Talahanayan C1	Buod ng Pangongolekta ng Data
Talahanayan D1	Mga Karaniwang Rate para sa Serbisyo sa Pagsasalin
Talahanayan D2	Mga Rate para sa Mga Proyekto sa Pagsasalin
Talahanayan D3	Mga Rate ng Mga Karagdagang Pansuportang Serbisyo
Talahanayan D4	Kasabay na Pag-interpret sa Telepono
Talahanayan D5	Kasabay na Pag-interpret sa Spanish Habang Nasa Meeting

Listahan ng Mga Figure

Figure 1	Mga Populasyon sa Bay Area, Populasyong Multilingual, at Populasyong May Limitadong Kaalaman sa Ingles (Limited English Proficiency, EP)
Figure 2	7 Pangunahing Wika o Grupo ng Wika na Ginagamit sa Bahay para sa Mga Populasyong Limitado ang Kaalaman sa Ingles
Figure 3	Mga Nasa Wikang Post sa Social Media ng Distrito ng Hangin at Spare the Air
Figure 4	Populasyon ng Bay Area ayon sa Ginagamit na Wika at Kakayahan sa Wika
Figure B1	Mapa ng Distribusyon ng Mga Indibidwal na Nagsasalita ng Spanish na May Limitadong Kaalaman sa Ingles (Limited English Proficient, LEP)
Figure B2	Mapa ng Distribusyon ng Mga Indibidwal na Nagsasalita ng Chinese na May Limitadong Kaalaman sa Ingles (Limited English Proficient, LEP)
Figure B3	Mapa ng Distribusyon ng Mga Indibidwal na Nagsasalita ng Vietnamese na May Limitadong Kaalaman sa Ingles (Limited English Proficient, LEP)
Figure B4	Mapa ng Distribusyon ng Mga Indibidwal na Nagsasalita ng Tagalog na May Limitadong Kaalaman sa Ingles (Limited English Proficient, LEP)
Figure B5	Mapa ng Distribusyon ng Mga Indibidwal na Nagsasalita ng Korean na May Limitadong Kaalaman sa Ingles (Limited English Proficient, LEP)
Figure B6	Mapa ng Distribusyon ng Mga Indibidwal na Nagsasalita ng Iba Pang Indo-European na Wika na May Limitadong Kaalaman sa Ingles (Limited English Proficient, LEP)
Figure B7	Mapa ng Distribusyon ng Mga Indibidwal na Nagsasalita ng Iba Pang Asian at Pacific Island na Wika na May Limitadong Kaalaman sa Ingles (Limited English Proficient, LEP)

Listahan ng Mga Acronym at Pagdadaglat

ACS	Survey sa Komunidad ng Mga Amerikano (American Community Survey)
Distrito ng Hangin	Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area
AIM	Pagtatasa, Pag-iimbentaryo, at Pagmomodelo (Assessment, Inventory, and Modeling)
CAAQS	Mga Pamantayan ng California sa Kalidad ng Ambient na Hangin (California Ambient Air Quality Standards)
GIS	Mga Heograpikong Information System (Geographic Information System)
LEP	Limitadong Kaalaman sa Ingles (Limited English Proficiency)
LOTE	Wikang Iba Pa sa Ingles (Language Other than English)
NAAQS	Mga Pambansang Pamantayan sa Kalidad ng Ambient na Hangin (National Ambient Air Quality Standards)
Ulat	Plano para sa Mga Serbisyo sa Wika para sa Mga Populasyong May LEP
TIO	Opisina para sa Pagpapatupad ng Teknolohiya (Technology Implementation Office)
Census ng US	Kawanihan ng Census ng Estados Unidos
EPA ng US	Ahensya para sa Proteksyon ng Kapaligiran ng Estados Unidos

Ehekutibong Buod

Ang Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area (Distrito ng Hangin) ay ang pangunahing ahensyang responsable para sa pagtiyak na nasusunod at napapanatili ang Mga Pambansang Pamantayan sa Kalidad ng Ambient na Hangin (National Ambient Air Quality Standards, NAAQS) at ang Mga Pamantayan ng California sa Kalidad ng Ambient na Hangin (California Ambient Air Quality Standards, CAAQS) sa San Francisco-Bay Area. Sinusuportahan din ng Distrito ng Hangin ang mga layunin ng Ahensya para sa Proteksyon ng Kapaligiran ng Estados Unidos (United States Environmental Protection Agency, US EPA) kaugnay ng Gabay sa Limitadong Kaalaman sa Ingles.

Inaatasan ng EPA ng US ang mga ahensya na magsagawa ng mga makatuwirang hakbang para makapagbigay sa mga taong may limitadong kaalaman sa Ingles ng makabuluhang access sa mga serbisyo at programa nito. Ang mga indibidwal na hindi Ingles ang pangunahing wika o na may limitadong kakayahang magbasa, magsulat, magsalita, o umunawa ng Ingles ay may limitadong kaalaman sa Ingles o "LEP." Ginawa ang Plano para sa Mga Serbisyo sa Wika para sa Mga Populasyong May LEP (Ulat) ng Distrito ng Hangin para matiyak na sinasalamin ng mga hakbang para sa tulong sa wika ng Distrito ng Hangin ang mga pangangailangan ng mga miyembro ng ating komunidad na may LEP sa lahat ng siyam na county sa San Francisco Bay Area at na makabuluhang naa-access ng mga miyembro ng ating komunidad ang mahahalagang serbisyo at programa ng Distrito ng Hangin.

Nag-aatas ang gabay sa LEP ng EPA ng US ng Pagsusuring May Apat na Salik, o ng pagtatasa sa pangangailangan ng taong may LEP, para matukoy ang mga makatuwirang hakbang na dapat gawin para matiyak na may makabuluhang access ang mga taong may LEP. Isinasaalang-alang ng pagsusuring ito na may apat na salik ang mga sumusunod:

Pagsusuring May Apat na Salik	
Salik 1	Ang bilang o porsyento ng mga taong may LEP na pinagserbisyuhan o nakaugnayan sa populasyong kwalipikado sa serbisyo
Salik 2	Ang dalas ng contact ng mga indibidwal na may LEP sa mga programa o serbisyo ng Distrito ng Hangin
Salik 3	Ang uri at kahalagahan ng programa, aktibidad, o serbisyong ibinibigay ng Distrito ng Hangin sa mga indibidwal na may LEP
Salik 4	Ang mga resource na available sa Distrito ng Hangin at ang pangkalahatang gastos sa pagbibigay ng tulong sa wika

Alinsunod sa mga alituntunin ng EPA ng US, ang Data ng Census ng Estados Unidos (Data ng Census ng US) na sinuri ng Distrito ng Hangin at ang mga isinagawang survey at interview sa mga staff para magawa ang Pagsusuring May Apat na Salik. Ang mahahalagang napag-alaman sa Pagsusuring May Apat na Salik ang pinagbatayan sa paggawa ng ulat na ito.

Para malaman ang bilang o porsyento ng mga populasyong may LEP na kwalipikadong pagserbisyuhan o may malaking posibilidad na makaugnayan sa populasyong kwalipikado sa serbisyo, sinuri ng Distrito ng Hangin ang data ng Survey sa Komunidad ng Mga Amerikano (American Community Survey, ACS) ng US para matukoy ang populasyong may LEP sa Bay Area. Batay sa data ng ACS ng Census ng US mula noong 2017-2021, may natukoy ang Pagsusuri sa Salik 1 ng 1,173,308 indibidwal na mahigit 5 taon na "napakahusay" magsalita ng Ingles. Ito ay 16% porsyento ng populasyon ng Bay Area. May natukoy ang Distrito ng Hangin na labindalawang wika o kategorya ng wika na ginagamit ng mahigit sa tinatayang 1,000 taong may LEP. Sa Bay Area, ang limang wikang iba pa sa Ingles na pinakamadalas gamitin sa mga komunidad na may LEP ay Spanish, Chinese (pinagsama ang Mandarin at Cantonese sa data ng Census ng US), Vietnamese, Tagalog, at Korean. Ang kategorya ng wika na 'Iba Pang Indo-European,' 'Iba Pang Asian at Pacific Island,' at 'Iba Pang Hindi Tinukoy na Wika' ay malaki ring porsyento ng mga taong may LEP sa Bay Area.

Para matukoy ang dalas ng contact ng mga taong may LEP sa mga programa o serbisyo ng Distrito ng Hangin, at matukoy ang uri at kahalagahan ng mga programa

at serbisyong ito sa buhay ng mga taong may LEP, nagsagawa ang Distrito ng Hangin ng mga survey sa mga staff, pati ng mga indibidwal na interview at focus group. Bukod pa rito, sinuri ng Distrito ng Hangin ang data ng website at linya para sa wika. Para matukoy ang mga resource na available sa Distrito ng Hangin at ang pangkalahatang gastos sa pagbibigay ng tulong sa wika, tinasa ng Distrito ng Hangin ang mga kasalukuyan at available na resource.

Noong mga nakaraang taon, isinapriyoridad ng Distrito ng Hangin ang pagsasalin ng mga materyales sa apat na wika: sa Spanish, Chinese, Vietnamese, at Tagalog. Ayon sa Pagsusuring May Apat na Salik na kasama sa ulat na ito, kinilala ng Distrito ng Hangin na dapat isalin sa Spanish at Chinese ang mga dokumentong natukoy bilang Mahahalagang Dokumento sa Tier 1 (tingnan ang seksyong Mga Alituntunin sa Mahahalagang Dokumento) kahit walang kahilingan. Sa pagbibigay ng tulong sa wika sa Spanish at Chinese, natitiyak na naa-access ng dalawang pinakamalaking grupo ng populasyon, na nagsabing hindi sila “mahusay” magsalita ng Ingles, ang mahahalagang impormasyon at serbisyo. Patuloy na isasapriyoridad ng Distrito ng Hangin ang pagsasalin ng mga materyales sa Vietnamese at Tagalog, pati sa iba pang wika depende sa mga available na resource at/o kapag hiniling.

Bukod pa rito, maraming iniaalok na instrumento ang Distrito ng Hangin sa mga populasyong may LEP, kasama ang nakasulat at pasalitang tulong sa wika, pagsasalin ng website, multilingual na pakikipag-ugnayan sa komunidad, at nasa wikang ugnayan sa lokal na media. May mga natukoy rin ang Distrito ng Hangin na karagdagang serbisyo na puwedeng ipatupad, batay sa availability ng resource, para mas makapagbigay ng makabuluhang access sa mga taong may LEP. Sa ulat na ito, nagsasama rin ang Distrito ng Hangin ng impormasyon tungkol sa pagsasanay ng mga staff at contractor na ipapatupad ng Distrito ng Hangin para matiyak na alam ng lahat ng staff at contractor ang mga resource at procedure sa pag-accommodate ng mga populasyong may LEP.

Patuloy na makikipagtulungan ang Distrito ng Hangin sa aming mga partner sa komunidad para makakuha ng feedback sa mga ibinibigay na serbisyo at matukoy ang mga aspetong puwede pang pahusayin.

Panimula

Ginawa ng Lehislatura ng Estado ng California ang Distrito ng Hangin noong 1955 bilang ang kauna-unahang panrehiyong ahensya para sa pagkontrol ng polusyon sa hangin sa bansa. Ang Distrito ng Hangin ay pinapamahalaan ng Lupon ng Mga Direktor na may 24 na miyembro, na binubuo ng mga lokal na inihalal na opisyal mula sa bawat isa sa siyam na county sa Bay Area, kung saan proportionate sa populasyon ng county ang bilang ng mga miyembro ng lupon mula sa bawat county.

Ang Distrito ng Hangin ay ang pangunahing ahensyang responsable para sa pagtiyak na nasusunod at napapanatili ang Mga Pambansang Pamantayan sa Kalidad ng Ambient na Hangin (National Ambient Air Quality Standards, NAAQS) at ang Mga Pamantayan ng California sa Kalidad ng Ambient na Hangin (California Ambient Air Quality Standards, CAAQS) sa San Francisco-Bay Area. Kasama sa hurisdiksyon ng Distrito ng Hangin ang county ng Alameda, Contra Costa, Marin, Napa, San Francisco, San Mateo, at Santa Clara, at ang mga timog na bahagi ng county ng Solano at Sonoma. Kasama sa mga responsibilidad ng Distrito ng Hangin sa pagpapaganda sa kalidad ng hangin sa rehiyon ang: paghahanda ng mga plano sa pagkamit at pagpapanatili sa mga pamantayan sa kalidad ng hangin; pagpapatibay at pagpapatupad ng mga panuntunan at regulasyon; pag-isyu ng mga permit para sa mga stationary na source ng populasyon sa hangin; pag-inspeksyon ng mga stationary na source at pagtugon sa mga reklamo ng mga mamamayan; pagsubaybay sa kalidad ng hangin at sa mga meteorological na kundisyon; pagbibigay ng mga grant para mabawasan ang mga mobile na emisyon; pagpapatupad ng mga kampanya sa pakikipag-ugnayan sa publiko; at pagtulong sa mga lokal na pamahalaan sa pagtugon sa pagbabago ng klima.

Ang Distrito ng Hangin ay tinutulungan ng isang Konseho sa Pagpapayo na nagbibigay ng input sa Lupon at sa Tagapagpaganap na Opisyal kaugnay ng mga usapin sa kalidad ng hangin, at ng isang Lupon para sa Pagdinig. Ang Lupon para sa Pagdinig ay isang independent na lupon na may limang miyembro, na namamagitan sa mga pampangasiwaang isyu sa pagsunod na puwedeng lumitaw sa pagitan ng Distrito ng Hangin at ng mga lokal na industriya, at dumidinig din ng mga apela sa mga pasya sa pagbibigay ng permit na ginagawa ng Tagapagpaganap na Opisyal. Bukod pa rito, noong 2021, bumuo ang Lupon ng Mga Direktor ng Distrito ng Hangin ng Konseho sa Pagpapayo sa Komunidad na binubuo ng 17 miyembro ng komunidad mula sa buong Bay Area. Nakikipagtulungan ang Konseho sa Pagpapayo sa

Komunidad sa Lupon ng Mga Direktor at Tagapagpaganap na Opisyal sa mga usaping nauugnay sa komunidad, at ginagamit nito ang sarili nitong inisyatiba sa pagpili ng mga aspetong tutuklasin at pag-aaralan.

Ang Bay Area ay tahanan ng mahigit sa 7.3 milyong tao na mahigit limang taong gulang (Kawanihan ng Census ng US, 2021) at isa sa mga pinaka-diverse na rehiyon sa bansa, at halos kalahati ng mga residente ng Bay Area ang nagsasalita sa bahay ng wikang iba pa sa Ingles. Bilang tagatanggap ng pondo ng pederal, sumusunod ang Distrito ng Hangin sa gabay sa patakaran ng EPA ng US kaugnay ng responsibilidad ng mga tagatanggap na magbigay ng makabuluhang access sa mga serbisyo, programa, at aktibidad sa mga taong may limitadong kaalaman sa Ingles (LEP). Ang mga indibidwal na hindi Ingles ang pangunahing wika o na may limitadong kakayahang magbasa, magsulat, magsalita, o umunawa ng Ingles ay itinuturing na may limitadong kaalaman sa Ingles o "LEP." Para sa mga layunin ng ulat na ito, salit-salitang gagamitin ng Distrito ng Hangin ang terminong LEP, at ang mas ginagamit na mga wikang iba pa sa Ingles o "LOTE." Ginawa ang dokumento at ulat na ito para sa gabay para mas matukoy at matugunan ang mga pangangailangan ng mga indibidwal sa Bay Area na nagsasalita ng mga wikang iba pa sa Ingles (LOTE), at matiyak na makabuluhang naa-access ng mga taong may LEP ang mga programa at serbisyo ng Distrito ng Hangin. Ang ulat na ito ay magsisilbing update sa nakaraang Plano para sa Access sa Wika ng Distrito ng Hangin. Ang Plano sa Pakikibahagi ng Publiko ng Distrito ng Hangin ay isang hiwalay na kaugnay na dokumentong naglalarawan sa mga pagkakataong puwedeng makibahagi ang publiko sa Distrito ng Hangin.

Awtoridad at Gabay

Itinatakda ng mga batas sa mga karapatang sibil at ng mga patakaran ng pederal sa access sa wika ang mga pag-aatas na dapat sundin ng mga entity para maiwasan ang diskriminasyon laban sa mga indibidwal na may LOTE sa kanilang mga programa at aktibidad na pinopondohan ng pederal. Ipinagbabawal ng Pamagat VI ng Batas sa Mga Karapatang Sibil ng 1964 ang diskriminasyon batay sa lahi, kulay, o pinagmulang bansa sa anumang programa o aktibidad na nakakatanggap ng pinansyal na tulong mula sa pederal. Bagama't hindi hayagan ang pagbabawal ng Pamagat VI sa diskriminasyon sa wika, ipinagbabawal nito ang diskriminasyon ayon sa pinagmulang bansa, at dahil malapit na nauugnay ang wika sa pinagmulang bansa at puwedeng maging diskriminasyon laban sa mga partikular na grupo ayon sa pinagmulang bansa

ang mga paghihigpit sa paggamit ng wika, ipinakahulugan ang Pamagat VI bilang proteksyon sa mga indibidwal na may LOTE.

Nag-isyu ng Ehekutibong Kautusan ng Presidente sa mga ahensya ng pederal noong Agosto 2000 na nagpapakahulugan at nagpapatupad sa Pamagat VI. Iniaatas ng Ehekutibong Kautusan ng Presidente 13166 na maghanda ang bawat ahensya ng pederal ng planong padaliin ang access sa mga programang pinopondohan ng pederal para sa mga indibidwal na may LOTE, nang sa gayon ay madagdagan ang access sa wika at mabawasan ang diskriminasyon ayon sa pinagmulang bansa. Nagtatakda ang kautusan ng dalawang layunin para sa bawat ahensya ng pederal: (1) magpatupad ng sistema kung saan magagawa ng mga indibidwal na may LOTE na i-access ang mga serbisyo ng sinasaklaw na entity alinsunod sa, at nang hindi nagiging hindi makatuwirang pabigat sa, pangunahing misyon ng ahensya, at (2) tiyaking nagbibigay ang mga tagatanggap ng pinansyal na tulong mula sa pederal ng makabuluhang access sa kanilang mga aplikante at benepisyaryong nagsasalita ng mga wikang iba pa sa Ingles. Inaatasan ng Seksyon 2 ng Ehekutibong Kautusan 13166 ang mga ahensya ng pederal na gumawa at magpatupad ng plano sa pagpapadali ng access sa mga serbisyo at sa pakikibahagi sa mga programa at aktibidad na isinasagawa ng pederal para sa mga indibidwal na may LOTE.

Gabay ng Tagatanggap ng Ahensya para sa Proteksyon ng Kapaligiran para sa Mga May LEP

Bilang tagatanggap ng pondo ng pederal na ibinibigay ng EPA ng US, inaatasan ang Distrito ng Hangin na sundin ang mga pamantayang nakabalangkas sa *Gabay ng Tagatanggap sa Mga Tatanggap ng Pinansyal na Tulong mula sa Ahensya para sa Proteksyon ng Kapaligiran Kaugnay ng Pamagat VI Pagbabawal Laban sa Diskriminasyon Kaugnay ng Pinagmulang Bansa na Nakakaapekto sa Mga Taong May Limitadong Kaalaman sa Ingles* ng EPA ng US.

Iminumungkahi ng EPA ng US na magsimula ang mga tagatanggap sa isang pagsusuring may apat na salik para mabalanse ang mga pangangailangan sa access sa wika habang hindi nagdudulot ng mga hindi makatuwirang pabigat. Kinikilala ng EPA ng US na maraming magagamit na pamamaraan para sa access sa wika depende sa sitwasyon at sa konteksto ng ugnayan. Hinihikayat, pero hindi inaatasan, ang mga tagatanggap na gumawa ng plano para sa access sa wika. Ang mga sumusunod ay mga rekomendasyon mula sa EPA ng US tungkol sa mga item na dapat isama sa isang plano para sa access sa wika:

- Pagtukoy sa mga indibidwal na may LEP na nangangailangan ng tulong (hal., mga I speak na card)
- Mga hakbang para sa tulong sa wika
- Pagsasanay ng mga staff
- Pagbibigay ng abiso sa mga taong may LEP (hal., mga karatula sa mga pampublikong entrance at reception; dokumento para sa pakikipag-ugnayan; voice mail sa telepono, atbp.)
- Pagsubaybay at pag-update sa plano

Ginawa ng Distrito ng Hangin ang ulat na ito para matugunan ang mga pangangailangan ng mga populasyong may LEP na nasa hurisdiksyon nito alinsunod sa gabay sa EPA ng US na magbigay ng makabuluhang access sa mga taong may LEP.

Pagsusuring May Apat na Salik

Para ihanda ang ulat na ito, kinumpleto ng Distrito ng Hangin ang Pagsusuring May Apat na Salik ng EPA ng US para matukoy ang mga makatuwirang hakbang na dapat gawin para matiyak na may makabuluhang access ang mga taong may LOTE sa mga programa at serbisyo ng Distrito ng Hangin. Isinasaalang-alang ng Pagsusuring May Apat na Salik ang mga sumusunod:

Pagsusuring May Apat na Salik	
Salik 1	Ang bilang o porsyento ng mga taong may LEP na pinagserbisyuhan o nakaugnayan sa populasyong kwalipikado sa serbisyo
Salik 2	Ang dalas ng contact ng mga indibidwal na may LEP sa mga programa o serbisyo ng Distrito ng Hangin
Salik 3	Ang uri at kahalagahan ng programa, aktibidad, o serbisyong ibinibigay ng Distrito ng Hangin sa mga indibidwal na may LEP
Salik 4	Ang mga resource na available sa Distrito ng Hangin at ang pangkalahatang gastos sa pagbibigay ng tulong sa wika

Pagsusuri sa Salik 1: Ang bilang o porsyento ng mga taong may LEP na kwalipikadong pagserbisyuhan o malamang ay makaugnayan sa populasyong kwalipikado sa serbisyo

Para sa Pagsusuri sa Salik 1, sinuri ng Distrito ng Hangin ang data ng Survey sa Komunidad ng Mga Amerikano ng Census ng US mula noong 2017-2021 para matukoy ang populasyong may LOTE sa Bay Area. Ang ACS ay isang tuluy-tuloy na pambansang survey na buwan-buwan isinasagawa ng Kawanihan ng Census ng US. Layunin nitong regular na sukatin ang mga pabagu-bagong katangian at kundisyon sa lipunan at ekonomiya ng populasyon.

Ang Bay Area, na tahanan ng mahigit sa 7.3 milyong tao na mahigit limang taong gulang (US Census Bureau, 2021), ay isang rehiyong may iba't ibang wika. Ang pangunahing layunin ng pagsusuri sa demograpiko ay ang suportahan ang naka-target na pagbibigay ng mga serbisyo sa wika sa pamamagitan ng pagtukoy sa:

- mga wikang iba pa sa Ingles na pinakamadalas gamitin sa Bay Area ng mga indibidwal na may edad 5 pataas na hindi “mahusay" magsalita ng Ingles at maituturing na may limitadong kaalaman sa Ingles,
- density ng mga populasyong may LOTE na gumagamit sa mga wikang pinakamadalas gamitin sa lahat ng heograpikong lugar ng Distrito ng Hangin.

Figure 1: Mga Populasyon sa Bay Area, Populasyong Multilingual, at Populasyong May Limitadong Kaalaman sa Ingles (Limited English Proficiency, EP)

Halos kalahati, o 3,120,500 tao (42.5%) sa Bay Area ang nagsasalita sa bahay ng wikang iba pa sa Ingles. Sa mga iyon, 37.6%, o 1,173,308 indibdiwal ang hindi "mahusay" magsalita ng Ingles at may limitadong kaalaman sa Ingles. Kinakatawan ng populasyong may LEP ang 16% ng kabuuang populasyon ng Bay Area.

Kung pag-uusapan ang rehiyon, sa 1,173,278 indibidwal na may limitadong kaalaman sa Ingles:

16% **ng mga indibidwal sa Bay Area na may edad na 5 pataas ang may limitadong kaalaman sa Ingles**

- 463,480 ang nagsasalita ng Spanish at kumakatawan sa 6.33% ng kabuuang populasyon ng Bay Area.
- 297,553 ang nagsasalita ng Chinese (Cantonese at Mandarin) at kumakatawan sa 4.06% ng kabuuang populasyon ng Bay Area.
- 103,317 ang nagsasalita ng Vietnamese at kumakatawan sa 1.41% ng kabuuang populasyon ng Bay Area
- 79,990 ang nagsasalita ng Tagalog at kumakatawan sa 1.09% ng kabuuang populasyon sa Bay Area
- 27,806 ang nagsasalita ng Korean at kumakatawan sa 0.38% ng kabuuang populasyon ng Bay Area
- 81,386 ang nagsasalita ng 'Iba Pang Indo-European' na wika at kumakatawan sa 1.11% ng kabuuang populasyon ng Bay Area (may higit pang impormasyon sa Appendix A)
- 61,642 ang nagsasalita ng 'Iba Pang Asian at Pacific Island' na wika at kumakatawan sa 0.84% ng kabuuang populasyon ng Bay Area (may higit pang impormasyon sa Appendix A)

Ang Distrito ng Hangin, sa pakikipagtulungan sa mga partner nitong ahensya, ay gumawa ng mga mapa gamit ang data ng mga Heograpikong Information System (Geographic Information Systems, GIS) at ng ACS noong 2017-2021 para ipakita ang concentration ng mga taong may LEP na gumagamit sa pitong wika, o kategorya ng wika, na pinakamadalas gamitin sa mga taong may LEP sa Bay Area (Figure 2). Sa mapa, kumakatawan ang isang tuldok ng 200 indibidwal na may LEP na gumagamit ng isang partikular na wika, at ipinapakita ng nasabing tuldok ang heograpikong distribusyon ng populasyong may LEP sa Bay Area.

Figure 2: 7 Pangunahing Wika o Kategorya ng Wika na Ginagamit sa Bahay para sa Mga Populasyong May Limitadong Kaalaman sa Ingles

Ibinubuod ng Talahanayan 1 sa ibaba ang bilang at porsyento ng mga indibidwal na may LEP na nagsasalita sa 5 pangunahing wika ayon sa county.

Talahanayan 1: Mga Wikang Ginagamit sa Bahay ayon sa Kakayahang Magsalita ng Ingles, Mga Taong May Edad na 5 Pataas, 2017-2021, Hindi "Mahusay" Magsalita ng Ingles*

County	Spanish	Chinese	Vietnamese	Tagalog	Korean	Iba Pang Wika	Kabuuan ng Hindi "Mahusay" Magsalita ng Ingles	Kabuuang Populasyon
Alameda	88,443	76,836	15,335	16,760	6,569	54,557	258,500	1,579,078
	5.6%	4.87%	0.97%	1.06%	0.42%	3.45%	16.37%	100%
Contra Costa	78,059	18,245	4,719	9,166	3,565	28,162	141,916	1,097,310
	7.11%	1.66%	0.43%	0.84%	0.32%	2.57%	12.93%	100%
Marin	13,363	1,427	660	316	441	4,662	20,869	250,639
	5.33%	0.57%	0.26%	0.13%	0.18%	1.85%	8.32%	100%
Napa	16,451	275	98	1,267	102	1,432	19,625	132,133
	12.45%	0.21%	0.07%	0.96%	0.08%	1.08%	14.85%	100%
San Francisco	31,999	88,417	6,482	7,843	2937	18,087	155,765	827,714
	3.87%	10.68%	0.78%	0.95%	0.35%	2..19%	18.82%	100%
San Mateo	49,637	28,369	1,258	16,192	1,888	20,869	118,213	720,777
	6.89%	3.94%	0.17%	2.25%	0.26%	2.90%	16.40%	100%
Santa Clara	116,746	79,418	72,970	17,998	11,063	62,422	360,617	1,821,032
	6.41%	4.36%	4.01%	0.99%	0.61%	3.43%	19.80%	100%
Solano	27,010	2,923	940	9,418	569	6,276	47,136	424,663
	6.36%	0.69%	0.22%	2.22%	0.13%	1.48%	11.10%	100%
Sonoma	41,772	1,643	855	1,040	672	4,685	50,667	468,809
	8.91%	0.35%	0.18%	0.22%	0.14%	1.00%	10.81%	100%
Bay Area	463,480	297,553	103,317	79,990	27,806	201,132	1,173,278	7,322,155
	6.33%	4.06%	1.41%	1.09%	0.38%	2.75%	16.02%	100%

Pinagkunan: Survey sa County ng Mga Amerikano 2017-2021 5 Taong Pagtatantya, Talahanayan C16001
** Ginamit ng Distrito ng Hangin ang data ng ACS para sa mga taong may LEP na hindi "mahusay" magsalita ng Ingles para sa Salik 1 Pagsusuri, alinsunod sa pagpapakahulugan ng LEP na nakasaad sa FTA Circular 4702.1B*

Mga Gabay sa Safe Harbor para sa Pagsasalin

Kinikilala ng EPA ng US na hindi makatotohanang isalin ang lahat ng nakasulat na materyales sa lahat ng wikang pinagseserbisyuhan ng isang tagatanggap. May mga itinakdang gabay sa safe harbor ang EPA ng US na magagamit ng mga tagatanggap. Sa tuwing magbibigay ang isang tagatanggap ng pagsasalin sa ilalim ng mga sumusunod na sitwasyon, ituturing itong matibay na ebidensya ng pagsunod ng tagatanggap sa mga obligasyon nito sa pagsasalin:

1. Magbibigay ang tagatanggap ng EPA ng US ng mga nakasulat na pagsasalin ng mahahalagang dokumento (tingnan ang seksyong Mga Alituntunin sa Mahahalagang Dokumento) para sa bawat kwalipikadong grupo ng wika na may LEP na bumubuo sa limang porsyento o may 1,000 miyembro, alinman doon ang mas kaunti, ng populasyon ng mga taong kwalipikadong pagserbisyuhan o malamang ay maapektuhan o makaugnayan. Puwedeng magbigay ng pasalitang pagsasalin ng iba pang dokumento, kung kinakailangan; o
2. Kung wala pang 50 tao sa isang grupo ng wika na aabot sa limang porsyentong trigger sa (a), hindi isasalin ng tagatanggap ang mahahalagang nakasulat na materyales, pero magbibigay ito ng nakasulat na abisong nasa pangunahing wika ng grupo ng wikang may LEP tungkol sa karapatan nilang makatanggap ng mahusay na pasalitang pag-interpret ng mga nasabing nakasulat na materyales nang libre.

Mga Inirerekomendang May Priyoridad na Wika para sa Rehiyon

Batay sa isinagawang pagsusuri, patuloy na isasapriyoridad ng Distrito ng Hangin ang pagsasalin ng mga materyales sa Spanish at Chinese (Cantonese at Mandarin). Bukod pa rito, kung posible, magsasalin ang Distrito ng Hangin sa Vietnamese at Tagalog dahil kasama ang mga wikang ito sa mga wikang hindi Ingles na pinakamadalas gamitin sa Bay Area at pinakamadalas gamitin ng mga taong may LEP sa Bay Area. Susuriin din ng Distrito ng Hangin kung saan magsasagawa ng mga programa o proyekto o kung sino ang pinakamaaapektuhan para makapagbigay ng mga karagdagang serbisyo sa pag-interpret o pagsasalin kung kinakailangan. Ginawa rin

ng Distrito ng Hangin ang Mga Alituntunin sa Mahahalagang Dokumento para mabigyan ng kaalaman ang mga staff sa protocol para sa pagsasalin ng dokumento.

Pagsusuri sa Salik 2: Ang dalas ng contact ng mga indibidwal na may LEP sa mga programa o serbisyo ng Distrito ng Hangin

Para sa Salik 2, ini-scan ng Distrito ng Hangin ang organisasyon at sumuri ito ng ilang source ng data para matasa kung gaano kadalas puwedeng magkaroon ang mga indibidwal na may LEP ng contact sa mga programa, aktibidad, at serbisyo ng Distrito ng Hangin. Nagsagawa ang Distrito ng Hangin ng mga survey sa mga staff ng dibisyon, interview, at focus group para matasa ang mga interaksyon ng bawat dibisyon sa mga miyembro ng komunidad na may LOTE, matukoy ang mga kasanayan at pamamaraan sa access sa wika, masuri ang mga programa at serbisyong may mataas na priyoridad, at matukoy ang mga pangangailangan ng mga staff ng dibisyon.

Pagsusuri ng Data at Mga Napag-alaman

Nag-iiba ang antas ng contact sa pangkalahatang publiko sa pagitan ng mga dibisyon

Ang mga dibisyon ng Distrito ng Hangin ay may tatlong kategorya (tingnan ang Talahanayan 2), batay sa antas ng contact sa pangkalahatang publiko.

Talahanayan 2: Antas ng Contact ng Mga Dibisyon ng Distrito ng Hangin sa Pangkalahatang Publiko

Antas ng Contact	Dibisyon
Limitado sa Walang Contact	• Pagtatasa, Pag-iimbentaryo, at Pagmomodelo (Assessment, Inventory, and Modeling) • Opisina para sa Pananalapi • Mga Legal na Serbisyo • Pambatasang Opisina
Minimal na Contact	• Mga Pang-administratibong Resource • Pagkakaiba-iba, Pagkakapantay-pantay, at Pagiging Kabilang • Ehekutibo • Human Resources • Mga Serbisyo para sa Impormasyon • Mga Estratehikong Insentibo
Major na Contact	• Mga Komunikasyon • Paglahok ng Komunidad • Pagsunod at Pagpapatupad • Engineering (Pagbibigay ng Permit) • Meteorology at Pagsukat • My Air Online (Web Team) • Pagpaplano at Proteksyon sa Klima • Mga Tuntunin at Estratehikong Patakaran • Opisina para sa Pagpapatupad ng Teknolohiya (Technology Implementation Office)

Nag-iiba ang mga interaksyon sa mga indibidwal na may LOTE ayon sa dibisyon
Para sa mga dibisyong may contact sa pangkalahatang publiko, ang dalas ng mga ugnayan sa mga indibidwal na may LOTE ay wala/hindi madalas (wala pang isang beses sa isang taon sa average) hanggang sa isang beses bawat buwan. Walang regular na ugnayan sa mga indibidwal na may LOTE ang karamihan ng mga dibisyon. Ang dibisyon ng Opisina para sa Mga Komunikasyon, Pakikipag-ugnayan sa Komunidad, My Air Online, Meteorology at Pagsukat, Pagsunod at Pagpapatupad, at Pagpapatupad ng Teknolohiya ang may pinakamaraming direktang ugnayan, na sa pangkalahatan ay sa pamamagitan ng mga tawag sa telepono, post sa social media,

materyales para sa website, at personal at/o virtual na event. Napakaunti naman o hindi madalas ang ugnayan ng iba pang team sa mga indibidwal na may LOTE.

Sa mga self-reported na survey at talakayan, walang dibisyon ng Distrito ng Hangin na nag-ulat ng mahigit sa 10 interaksyon sa mga indibidwal na may LOTE bawat buwan. Sinabi ng mga dibisyong nakikipag-ugnayan sa mga indibidwal na may LOTE na dumedepende sila sa kanilang mga kasamahang may kakahayang magbahagi sa mga miyembro ng komunidad na may LOTE ng impormasyong nasa kanilang wika para sa suporta.

Nakakaugnayan din ng Distrito ng Hangin ang mga taong may LOTE sa pamamagitan ng social media at website ng Distrito ng Hangin na baaqmd.gov at sparetheair.org. Nagpo-post ang Distrito ng Hangin ng impormasyon tungkol sa mga alertong Spare the Air sa parehong Ingles at Spanish, at dati na itong nag-post ng impormasyon tungkol sa iba pang kampanya sa Spanish.

Figure 3: Mga Nasa Wikang Post sa Social Media ng Distrito ng Hangin at Spare the Air

Sinusubaybayan ng Distrito ng Hangin ang mga natatanging pagbisita sa website nito. Sa kasalukuyan, pinapadali ng Distrito ng Hangin ang access sa website sa iba't ibang wika at inaasahan nitong madaragdagan ang mga natatanging pagbisita habang dumadali ang pag-access dito. Bukod sa Ingles, nagbibigay ang Distrito ng Hangin ng impormasyon sa Chinese, Spanish, Tagalog, at Vietnamese sa kasalukuyan.

Talahanayan 3: Bilang ng Mga Natatanging Pagbisita sa Page sa Website ng Distrito ng Hangin Noong 2022*

Wika	Mga Natatanging Pagbisita sa Page	Porsyento ng Kabuuang Bilang ng Mga Natatanging Pagbisita sa Page
Spanish	18,615	0.64%
Chinese	13,984	0.48%
Tagalog	107,971	3.70%
Vietnamese	26,200	0.90%

**baaqmd.gov*

Mayroon ding serbisyo ng Interpreter sa telepono ang Distrito ng Hangin na magagamit ng lahat ng staff ng Distrito ng Hangin kung kailangan nila ng tulong sa pag-interpret. Noong 2022, 39 na beses na ginamit ng Distrito ng Hangin ang serbisyong ito sa tatlong wika.

Talahanayan 4: Bilang ng Mga Tawag para sa Pag-interpret sa Telepono Noong 2022

Wika	Bilang ng Mga Tawag
Spanish	34
Mandarin	3
Vietnamese	2

May contact ang mga staff ng Distrito ng Hangin sa Korean, Arabic, Farsi, Punjabi, Lao, Samoan, at Khmer bukod pa sa 4 na pangunahing wika

Natukoy din ng Distrito ng Hangin ang Korean, Arabic, Farsi, Punjabi, at Khmer bilang mga wika kung saan nagkaroon ng contact ang mga staff sa kanilang trabaho. Makakakita sa Appendix B ng higit pang impormasyon at data ng wika na partikular sa county.

Buod

Batay sa pagsusuri sa Salik 2, natukoy ng Distrito ng Hangin na ang mga indibidwal na may LEP na nagsasalita ng Spanish at Chinese ang may pinakamadalas na contact sa mga programa at aktibidad ng Distrito ng Hangin; gayunpaman, ayon sa pinagsamang data at feedback mula sa mga staff, nag-iiba ang mga contact at pakikipag-ugnayan sa buong Distrito ng Hangin.

Salik 3: Ang uri at kahalagahan ng programa, aktibidad, o serbisyong ibinibigay ng Distrito ng Hangin sa mga indibidwal na may LEP

Bilang pampangasiwaang ahensya, mahalaga ang papel ng Distrito ng Hangin sa pagbabawas sa polusyon sa hangin sa Bay Area. Sa pamamagitan ng mga komunikasyon ng Distrito ng Hangin, kasama ang mga alerto sa kalidad ng hangin, pagbibigay ng pahintulot, pagsunod at pagpapatupad, at programa sa paggawa ng panuntunan, nagkakaroon ang mga residente ng kritikal na access sa mga programang nakakaapekto sa kanilang mga hanapbuhay, kalusugan, at komunidad. Bukod pa rito, sa pamamagitan ng access sa mga meeting ng Lupon ng Mga Direktor, proseso ng pagpaplano, at pakikipag-ugnayan sa komunidad, lumalawak ang kabatiran ng mga pasyente at nagagawa nilang makibahagi sa mga kasalukuyan at paparating na gawain ng Distrito ng Hangin sa komunidad. Kinikilala ng Distrito ng Hangin, sa pagsusuri sa mga programa nito at sa pakikipag-usap sa mga staff tungkol sa kanilang gawain, ang kahalagahan at epekto ng mga sumusunod na programa:

- **Mga Komunikasyon** – Kasama sa mga komunikasyon ng Distrito ng Hangin ang lahat ng pakikipag-ugnayan sa media, pagmemensahe ng Distrito ng Hangin, komunikasyon kapag may krisis, ugnayan sa media at print, digital, at social media para sa Distrito ng Hangin. Nagbabahagi rin ang Distrito ng Hangin ng impormasyon tungkol sa Spare the Air ng Distrito ng Hangin, Programa ng Employer, Clean Cars for All, at Programa para sa Mga Benepisyo sa Biyahero. Maraming pinupuntahan ang Distrito ng Hangin na event sa komunidad na nagbabahagi ng impormasyon tungkol sa kampanyang Spare the Air at iba pang paksang nauugnay sa kalidad ng hangin. Mag-iisyu rin ang Distrito ng Hangin ng mga paunawa sa kalidad ng hangin na nagbabahagi ng impormasyon tungkol sa mga event na nakakaapekto sa kalidad ng hangin sa Bay Area.
- **Dibisyo ng Katarungan sa Kapaligiran at Pakikipag-ugnayan sa Komunidad** – Ang programa ng Katarungan sa Kapaligiran (Environmental Justice, EJ) at Pakikipag-ugnayan sa Komunidad (Community Engagement, CE) ay

naglalayong magbigay ng makabuluhang ugnayan at bawasan ang mga kapansin-pansing pagkakaiba sa mga epekto ng kalidad ng hangin, at pagandahin ang kalidad ng hangin para sa lahat ng komunidad sa Bay Area. Ang mga staff ng programang ito ang pangunahing point of contact ng Distrito ng Hangin sa publiko. Nakikipag-ugnayan ang mga staff ng Dibisyon ng CE sa mga miyembro ng komunidad para mapalawak ang kanilang kabatiran, makabuo at makapagpanatili ng mga pangmatagalang partnership para maunawaan ang mga pangangailangan at gustong solusyon ng komunidad, at magawang makipagtulungan sa mga komunidad sa pagpaplano at paggawa ng patas na patakaran sa kalidad ng hangin.

- **Pagsunod at Pagpapatupad** – Ang Distrito ng Hangin ay may mahigit 70 nasa field na staff sa pag-iinspeksyon na nagsasagawa ng mga inspeksyon sa mga source ng polusyon sa hangin, nagkukumpirma ng pagsunod, nagsisiyasat ng mga breakdown, nagdodokumento ng mga paglabag, at tumutugon sa mga reklamo ng mga residente tungkol sa polusyon sa hangin at hindi sinasadyang pag-release ng mga contaminant sa hangin. Nagtatalaga sa mga inspektor ng mga heograpikong lugar sa buong Bay Area. Responsibilidad ng mga inspektor ang lahat ng source na may permit at aktibidad sa pag-iinspeksyon sa heograpikong zone na iyon. Bukod pa rito, ang Distrito ng Hangin ay may ilang specialized na grupo sa pag-iinspeksyon na nangangasiwa ng mga refinery, auto body shop, dry cleaner, gasolinahan, at aktibidad sa pag-demolish at pag-renovate nang may asbestos. Sa mga regular na pag-iinspeksyon na may mga naka-target na pag-audit ng mga source ng polusyon sa hangin, natitiyak na nakakamit ang mga pagbabawas sa emisyon na nakasulat sa mga kasalukuyang regulasyon.
- **Engineering/Pagbibigay ng Permit** – Responsibilidad ng Distrito ng Hangin na suriin at iproseso ang mga permit sa kalidad ng hangin para sa stationary na equipment sa Bay Area. Ang permit sa kalidad ng hangin ay isang dokumentong nagbibigay sa may-ari ng permit ng pahintulot na gumawa at mag-operate ng equipment na nag-e-emit ng mga pollutant sa pamamagitan ng mga proseso nito. Sinusuri ang bawat proyekto bago magawa ng isang negosyo na itayo at i-operate ang kanilang equipment para matiyak na natutugunan ang lahat ng kinakailangan sa kalidad ng hangin. Taun-taong ina-update ng Distrito ng Hangin ang mga imbentaryo para sa emisyon sa hangin at nire-renew ang mga permit para sa stationary na equipment. Para sa Mga Permit na nangangailangan ng panahon ng pag-abiso sa publiko at pagkomento, nagbibigay ang Distrito ng Hangin, sa kasalukuyan, ng mga

nakasaling dokumento sa Spanish, Chinese, Tagalog, at Vietnamese sa Mga Pinakaapektadong Komunidad ayon sa inilalarawan sa mga regulasyon ng Distrito ng Hangin. Kung magpapasimula ng panahon ng pag-abiso sa publiko at pagkomento dahil sa lapit ng isang stationary na source sa isang Kindergarten-ika-12baitang sa paaralan, makikipagtulungan ang Distrito ng Hangin sa lugar ng paaralan para matukoy ang at makapagbigay ng mga pagsasalin sa anumang wikang kumakatawan sa mahigit sa 10 porsyento ng mga mag-aaral ng Ingles sa lugar ng paaralan.

- **Meteorology at Pagsukat** – Nagsasagawa at sumusubaybay ang Distrito ng Hangin ng mga pagsukat ng mga emisyon sa mga pang-industriyang pasilidad at kalidad ng ambient na hangin sa buong Bay Area. Bukod pa rito, sinusuportahan ng Distrito ng Hangin ang mga organisasyon sa komunidad na nagsasagawa ng kani-kanilang pagsubaybay sa hangin o pagsusuri ng data para makakuha ng mga insight sa mga driver ng polusyon sa hangin sa komunidad at magabayan ang mga pagkilos tungo sa pagbabawas ng mga emisyon at pagkakalantad sa mga pinakaapektadong komunidad. Kasama sa suportang ito ang pagsasanay sa pangunahing kaalaman sa kalidad ng hangin at pagsubaybay sa hangin at pagsusuri ng data, paggawa ng mga bagong resource, at iniangkop na tulong sa kabuuang tagal ng isang proyekto. Tinatantya rin ng Distrito ng Hangin ang kalidad ng hangin, sa partikular, ang mga inaasahang pang-araw-araw na antas ng ozone at fine particulate matter batay sa data mula sa mga istasyon sa pagsubaybay at meteorological na pagsukat at modelo ng Distrito ng Hangin.
- **Paggawa ng Panuntunan** – Ang Lupon ng Mga Direktor ng Distrito ng Hangin ay nakagawa at nakapagpatibay na ng mahigit sa 100 regulasyon sa mga stationary na source ng polusyon sa hangin. Patuloy na pinapatatag at pinipino ng Distrito ng Hangin ang mga panuntunan nito para mas maprotektahan ang kalusugan ng mga residente ng Bay Area.
- **Pagpaplano at Pagbabago ng Klima** – Ang Distrito ng Hangin ay naghahanda, nagpapatupad, at nag-a-update ng mga lokal at panrehiyong plano sa kalidad ng hangin at klima. Kinakailangan ng mga panrehiyong plano sa kalidad ng hangin na nakakasunod sa mga pag-aatas ng pederal at estado sa tuwing hindi natutugunan ng air basin ang mga pamantayan sa kalidad ng hangin ng estado at ng bansa. Pana-panahong binubuo o ina-update ng Distrito ng Hangin ang panrehiyong plano sa kalidad ng hangin, depende sa mga pag-aatas ng estado at pederal, at tuluy-tuloy itong nakikipagtulungan sa mga miyembro ng

komunidad at lokal na pamahalan para makagawa ng mga lokal na planong magpapaganda sa kalidad ng hangin at tutugon sa krisis sa klima.

Nagbibigay ang Distrito ng Hangin ng kasabay na pag-interpret sa ilang meeting ng Distrito ng Hangin, pati sa mga meeting ng Konseho sa Pagpapayo sa Komunidad ng Distrito ng Hangin. Nakikipagtulungan din ang Distrito ng Hangin sa mga contractor na nagbibigay ng mga serbisyo sa pag-facilitate at pag-interpret. Ang Distrito ng Hangin ay aktibong nagbibigay ng kasabay na pag-interpret sa mga meeting sa komunidad at nagsasalin ng mga materyales. Nagbigay na rin ang mga staff, kung posible, ng suporta sa mga partner sa komunidad sa mga meeting na nasa wika. Minimal lang ang mga naging kahilingan para sa pag-interpret o pagsasalin ng mga materyales sa mga meeting kung saan hindi pa aktibong naibibigay ng Distrito ng Hangin ang suportang ito.

Mas mawalak ang naaabot sa Bay Area ng ilan sa mga programa ng Distrito ng Hangin, gaya ng Spare the Air at Clean Cars for All. Bagama't posibleng kritikal para sa mga miyembro ng komunidad ang mga programang ito, dahil sa sariling pangalan at branding ng mga ito, napag-alaman ng mga staff ng Distrito ng Hangin na hindi batid ng publiko ang kaugnayan ng Distrito ng Hangin sa mga programang ito.

Salik 4: Ang mga resource na available sa Distrito ng Hangin at ang pangkalahatang gastos sa pagbibigay ng tulong sa wika

Isinasaalang-alang ng pagsusuri sa Salik 4 ang mga resource na available sa Distrito ng Hangin at ang mga gastos sa mga serbisyo sa pag-interpret at pagsasalin. Nakakaapekto ang mga pinansyal na resource at gastos na ito sa kakayahan ng Distrito ng Hangin na magbigay ng pag-interpret o magsalin ng mga dokumento sa maraming wika.

Bawat taon, nadagdagan ang nakalaang badyet ng Distrito ng Hangin para sa pag-interpret at pagsasalin at lumaki ang pangkalahatang gastos. Sa loob ng ilang taon, nagawa ng Distrito ng Hangin na magpanatili ng sentralisadong kontrata sa pagsasalin para sa mga on-demand na serbisyo sa pagsasalin. Noong 2022, mahigit $30,000 ang ginastos ng Distrito ng Hangin sa mga propesyonal na serbisyo sa pagsasalin; ginamit ang perang ito para magsalin ng mga dokumento at isalin ang ilang bahagi ng website. Bukod pa rito, may ilang kontrata at kasunduan sa pag-facilitate ang Distrito ng Hangin sa mga grupo sa komunidad para magbigay ng pagsasalin at kasabay na pag-interpret sa mga meeting o event sa komunidad.

Halimbawa, sa bawat meeting ng Konseho sa Pagpapayo sa Komunidad ng Distrito ng Hangin, na isang komite alinsunod sa Brown Act na ginawa ng Lupon ng Mga Direktor, ibinibigay ng Distrito ng Hangin ang lahat ng materyales sa Spanish at Chinese, at nagbibigay rin ito ng kasabay na pag-interpret sa Spanish sa panahon ng meeting. Sa isang meeting, humigit-kumulang $5,000 ang gastos sa pagsasalin ng mga materyales at kasabay na pag-interpret. Inaasahang magpupulong ang Konseho sa Pagpapayo sa Komunidad kada dalawang buwan, o nang apat na beses sa isang taon.

Sa mga nakaraang taon, nagpanatili ang Distrito ng Hangin ng listahan ng mga bilingual na staff at ng kanilang kahandaang magbigay ng suporta sa parehong pag-interpret at pagsasalin. Ibinahagi ng mga staff na hindi madaling mag-interpret at magsalin ng impormasyon tungkol sa kalidad ng hangin, partikular na kapag isinasaalang-alang din ang mga pagkakaiba sa panrehiyong wika at/o kultura. Sa hinaharap, posibleng mas gumamit ng mga staff ang Distrito ng Hangin kapag nakumpleto na ang glossary ng mga siyentipikong termino ng Distrito ng Hangin, at kapag nakabuo na ang Distrito ng Hangin ng paraan ng sertipikasyon para matiyak na may sapat na pagsasanay at suporta ang mga staff sa pagbibigay sa mga serbisyong ito.

Makakakita sa Appendix D ng higit pang impormasyon tungkol sa gastos sa pagsasalin at pag-interpret ng wika.

Kongklusyon ng Pagsusuring May Apat na Salik

Natukoy ng Distrito ng Hangin na dapat isalin sa Spanish at Chinese ang Mahahalagang Dokumento at ang access sa mga serbisyo. Bukod pa rito, isasapriyoridad ng Distrito ng Hangin ang pagbibigay ng pagsasalin sa Tagalog, Vietnamese, at Korean. Magiging maingat din ang Distrito ng Hangin sa mga lokal na komunidad at sa mga wikang gagamitin sa mga komunidad kapag nagpaplano ng mga event. Batay sa mga napag-alaman sa Pagsusuring May Apat na Salik, ginawa rin ng Distrito ng Hangin ang Mga Alituntunin sa Mahahalagang Dokumento para mabigyan ng kaalaman ang mga staff sa protocol para sa pagsasalin ng dokumento.

Mga Hakbang para sa Tulong sa Wika

Mga Kasalukuyang Hakbang para sa Tulong sa Wika

Nakasulat na Tulong sa Wika

- Isalin sa maraming wika ang mga naka-print na materyales para sa ilang programa
- Isalin ang mga flier para sa mga workshop sa komunidad o mga katulad na meeting at/o magbigay ng impormasyon at mga tagubilin sa paghiling ng mga serbisyo sa pagsasalin o pag-interpret
- Magbigay ng mga press release, brochure, sheet ng impormasyon, at iba pang impormasyon sa maraming wika, kung kinakailangan at kapag hiniling
- Gumamit ng third-party na firm para sa pagsasalin para manu-manong isalin ang mga naka-print na materyales at page sa website ng Distrito ng Hangin
- Makipagtulungan sa mga staff para maiwasan ang mga napakateknikal na salita, kung posible

Pasalitang Tulong sa Wika

- Mag-operate ng mga serbisyo sa linya ng wika para magbigay ng pasalitang tulong sa wika para sa iba't ibang programa at serbisyo ng Distrito ng Hangin
- Kumuha ng mga multilingual na staff para sa Distrito ng Hangin
- Makipagkontrata sa mga firm para sa pagsasalin/pag-interpret ng wika para sa tulong sa wika, kung kinakailangan
- Makipagtulungan sa mga staff ng Distrito ng Hangin para masuri kung epektibo ang pagsasalin
- Gumamit ng mga bilingual na staff para mag-interpret ng impormasyon, kung kinakailangan

Mga Hakbang para sa Tulong sa Wika sa Hinaharap

- Gamitin ang “Mga Alituntunin sa Mahahalagang Dokumento” para magsapriyoridad ng mga pangangailangan sa pagsasalin at wika (tingnan ang seksyong Mga Alituntunin sa Mahahalagang Dokumento)
- Alinsunod sa direktiba ng EPA ng US, patuloy na gumamit ng third-party na firm para sa pagsasalin para manu-manong isalin ang mga naka-print na materyales at page sa website ng Distrito ng Hangin
- Gumawa ng mga focus group sa komunidad para masuri kung epektibo ang mga serbisyo sa pag-interpret/pagsasalin at makakuha ng feedback
- Magsagawa ng outreach para maipabatid sa mga partner sa komunidad ang tungkol sa ulat na ito at ang mga available na serbisyo para sa tulong sa wika

- Patuloy na mag-hire ng mga multilingual na staff
- Tiyaking regular na sinasanay ang mga dati nang at bagong staff sa mga resource at instrumentong available para matulungan sila sa mga kahilingan sa pag-interpret/pagsasalin

Mga Alituntunin sa Mahahalagang Dokumento

Alinsunod sa mga alituntunin ng EPA ng US, tutukuyin ng Distrito ng Hangin kung aling mga dokumento, o "mahahalagang dokumento," ang dapat isalin sa mga wikang nakakatugon sa threshold sa pagsasalin ng Distrito ng Hangin.

Inilalarawan ng Distrito ng Hangin ang mahahalagang dokumento sa mga sumusunod na paraan:

- Anumang dokumentong nagbibigay ng impormasyong kritikal sa pampublikong kalusugan o access ng komunidad sa mga programa o serbisyong ibinibigay ng Distrito ng Hangin. Ang klasipikasyon ng isang dokumento bilang Mahalaga ay nakadepende sa kahalagahan ng programa, impormasyon, serbisyo, o contact, at sa magiging kahihinatnan sa taong may LEP kung hindi maibibigay ang pinag-uusapang impormasyon sa tumpak na paraan o nang agaran.
- Anumang dokumentong iniaatas ng batas.

Para matuulungan ang mga staff ng Distrito ng Hangin sa pagtukoy sa mga dokumentong dapat ituring na mahalaga, ginawa ng Distrito ng Hangin ang mga sumusunod na alituntunin. Sinusuri ng Distrito ng Hangin ang kahalagahan ng programa, impormasyon, o serbisyo, at ang magiging kahihinatnan sa taong may LEP kung hindi maibibigay ang nasabing impormasyon sa tumpak na paraan o nang agaran habang tinutukoy ang klasipikasyon ng isang dokumento.

Gabay sa Pagsasalin ng Wika

Sa pagsusuri sa Salik 1 ng Distrito ng Hangin na inilarawan sa ulat, 1,173,308 indibidwal na mahigit limang taong gulang ang natukoy na hindi "mahusay" magsalita ng Ingles. Ito ay 16% porsyento ng populasyong nakatira sa hurisdiskyon ng Distrito ng Hangin. May natukoy rin sa pagsusuring ito na 12 wika o kategorya ng wika na may 1,000 tao o higit pa na hindi "mahusay" magsalita ng Ingles at maituturing na mga taong may LEP. Sa Bay Area, halos 40% ng populasyong may LEP, o 6% ng populasyon ng Bay Area, ang nagsabing nagsasalita sila ng Spanish at ang bumubuo sa pinakamalaking porsyento ng populasyong may LEP, na sinusundan ng mga taong nagsasalita ng Chinese para sa 25% ng populasyong may LEP, o 4% ng populasyon ng Bay Area. Sa mga natitirang taong may LEP sa Bay Area, walang iisang wika na lumalampas sa dalawang porsyento ng populasyon.

Batay sa Pagsusuring May Apat na Salik na nauugnay sa 1) bilang at porsyento ng mga taong may LEP sa hurisdiksyon ng Distrito ng Hangin, 2) dalas ng contact sa mga

taong may LEP, 3) kahalagahan ng mga programa at serbisyo ng Distrito ng Hangin sa buhay ng mga taong may LEP, 4) at mga resource na available sa Distrito ng Hangin, natukoy ng Distrito ng Hangin na nakakatugon ang Spanish at Chinese sa Threshold sa Pagsasalin ng Wika, at patuloy dapat na isapriyoridad ng Distrito ng Hangin ang pagsasalin sa Vietnamese at Tagalog depende sa mga available na resource.

Figure 4: Populasyon ng Bay Area ayon sa Ginagamit na Wika at Kakayahan sa Wika

Natukoy ng Distrito ng Hangin na ang pagbibigay ng tulong sa wika sa Spanish at Chinese ay magbibigay ng access at impormasyon sa dalawang pinakamalaking grupo ng populasyong natukoy bilang hindi "mahusay" magsalita ng Ingles. Ang anumang dokumentong matutukoy bilang Mahahalagang Dokumento sa Tier 1 ay isasalin sa Spanish at Chinese kahit walang partikular na kahilingan para sa pagsasalin; isasapriyoridad din ng Distrito ng Hangin ang pagsasalin ng Mahahalagang Dokumento sa Tier 1 sa Vietnamese at Tagalog depende sa mga available na resource. Kung posible, aktibong magbibigay ang Distrito ng Hangin ng mga kasabay na serbisyo sa pag-interpret kapag hiniling.

Sa Bay Area, kung saan may 12 wika o kategorya ng wika na may 1,000 tao o higit pa na hindi "mahusay" magsalita ng Ingles at maituturing na mga taong may LEP, kinikilala ng Distrito ng Hangin na marami pang puwedeng gawin para matiyak na may access para sa lahat ng residente ng Bay Area. Kung posible, sa pagpaplano ng mga event o pakikipagtulungan sa mga komunidad para matugunan ang mga alalahanin sa lokal na kalidad ng hangin, susuriin ng mga staff ng Distrito ng Hangin ang data ng Kawanihan ng Census ng US, at makikipagtulungan ito sa mga lokal na organisasyon para matiyak na available ang impormasyon sa mga wikang ginagamit sa komunidad at naiangkop ito para mahusay na matugunan ang mga pangangailangan ng mga

komunidad at ng mga pinakaapektado ng mga programa at atkibidad ng Distrito ng Hangin.

Mga Tier ng Mahahalagang Dokumento

Tier 1: Mga kritikal na dokumento

Ang mga dokumento sa Tier 1 ang may pinakamataas na priyoridad sa Distrito ng Hangin. Isasalin ng Distrito ng Hangin ang Mahahalagang Dokumento sa Tier 1 sa Spanish at Chinese kahit hindi hilingin. Kasama sa mga dokumento sa Tier 1 ang:

- Mga dokumento na, kapag hindi isinalin, lubos na makakaapekto sa access ng mga taong may LEP sa *kritikal* na impormasyon o access sa pampublikong kalusugan sa mga programa o serbisyong ibinibigay ng Distrito ng Hangin.
- Mga dokumento na, kapag hindi isinalin, magiging dahilan para hindi malaman ng mga taong may LEP ang tungkol sa kanilang mga legal na karapatan, partikular na ang mga karapatan sa tulong sa wika

Kasama sa mga halimbawa ng mga dokumento sa Tier 1 ang impormasyon tungkol sa Pamagat VI, mga legal at pampublikong abiso, at piling impormasyon tungkol sa mga programa o serbisyo ng Distrito ng Hangin, kasama ang:

- Pag-abiso sa mga benepisyaryo ng proteksyon sa ilalim ng Pamagat VI
- Pamagat VI form para sa reklamo
- Form para sa reklamo sa kalidad ng hangin
- Pangkalahatang impormasyon sa pagbibigay ng permit at/o impormasyon para ma-access ang suporta sa pag-interpret
- Mga bagong dokumento at impormasyon sa pagbibigay ng permit ng Pagsusuri ng Source at Pamagat V

Tier 2: Mga dokumentong magpapadali sa access sa mga serbisyo o programa ng Distrito ng Hangin

Kasama sa mga dokumento sa Tier 2 ang impormasyong magpapadali sa access sa mga programa o serbisyo ng Distrito ng Hangin para sa mga indibidwal na may LEP. Isasalin ng Distrito ng Hangin ang anumang dokumentong itinuturing na Mahahalagang Dokumento sa Tier 2 sa anumang wikang posible kapag hiniling. Posibleng isalin ng Distrito ng Hangin ang Mahahalagang Dokumento sa Tier 2 sa sarili nitong pagpapasya at kahit hindi hilingin kapag may available na resource. Kasama sa mga halimbawa ng mga dokumentong itinuturing na Mahahalagang Dokumento sa Tier 2 ang:

- Pangkalahatang impormasyon ng Distrito ng Hangin, (hal., mga brochure, flyer o pangkalahatang impormasyon ng programa)
- Mga anunsyo sa meeting, agenda packet, at iba pang impormasyon tungkol sa Lupon ng Mga Direktor at meeting ng komite ng Distrito ng Hangin, Konseho

sa Pagpapayo sa Komunidad, Konseho sa Pagpapayo, o mga materyales ng Lupon para sa Pagdinig
- Mga materyales ng programa ng grant para sa mga programang partikular na naka-target sa publiko, hal., Clean Cars for All at Vehicle Buy Back, kasama ang mga tagubilin sa pag-apply (hindi para sa mga hindi residensyal na programa ng grant, hal., mga nagta-target ng mga pribadong negosyo at pampublikong ahensya)
- Mga collateral na materyales na nauugnay sa mga programa ng Distrito ng Hangin (hal., mga materyales ng programang Spare the Air at Clean Cars For All)

Tier 3: Mga dokumentong magpapahusay at susuporta sa pakikibahagi ng mga taong may LEP sa mga programa at pagpapasya ng Distrito ng Hangin

Kasama sa mga dokumento sa Tier 3 ang impormasyong sumusuporta sa mga taong may LEP na makibahagi sa mga programa at proseso ng pagpapasya ng Distrito ng Hangin. Isasalin ng Distrito ng Hangin ang anumang Mahalagang Dokumento sa Tier 3 kapag hiniling sa anumang wikang posible. Isasalin din ng Distrito ng Hangin ang ilang Mahahalagang Dokumento sa Tier 3 sa sarili nitong pagpapasya at depende sa mga available na resource kahit hindi hilingin. Posibleng kasama sa mga halimbawa ng mga dokumentong ito ang:

- Impormasyon tungkol sa paggawa ng panuntunan o mga plano sa kalidad ng hangin ng Distrito ng Hangin
- Impormasyon tungkol sa pagpaplano ng long-range na panrehiyong transportasyon
- Pangkalahatang impormasyon tungkol sa programa sa kalidad ng hangin

Pagsasanay ng Staff

Pinagsisikapan ng Distrito ng Hangin na magkaroon ng kabatiran at maging sensitibo sa mga pangangailangan ng mga taong may LEP. Nagbibigay ang Distrito ng Hangin ng multilingual na access sa mga programa nito sa pamamagitan ng mga third-party na nakakontratang provider ng serbisyo. Sa hinaharap, patuloy na magbibigay ang Distrito ng Hangin ng pagsasanay sa lahat ng staff tungkol sa mga procedure para sa pag-accommodate ng mga taong may LEP, gaya ng idinedetalye sa ibaba:

Mga Materyales ng Pagsasanay

Gumagawa ang Distrito ng Hangin ng naka-customize na programa ng pagsasanay na may impormasyon at pangkalahatang-ideya tungkol sa mga pag-aatas ng Pamagat VI ng Distrito ng Hangin at kung paano:

- magbigay ng makabuluhang access at tulong sa mga taong may LEP
- sumagot sa mga komunikasyon sa telepono o sa mga nakasulat na tanong mula sa mga taong may LEP
- magsaayos ng suporta sa pag-interpret o pagsasalin sa mga event/meeting ng Distrito ng Hangin
- alamin kung mahalaga ang mga dokumento gamit ang mga alituntuning kasama sa ulat na ito (tingnan ang seksyong Mga Alituntunin sa Mahahalagang Dokumento)
- hilinging magsalin ng mga materyales, kung kinakailangan

May papasagutang quiz sa mga staff sa pagtatapos ng pagsasanay na webinar para masiguro ang kanilang kaalaman sa mga resource at suporta ng Distrito ng Hangin. Patuloy na susuriin ng Distrito ng Hangin kung epektibo ang mga materyales sa pagsasanay at patuloy silang mag-a-update, kung kinakailangan. Aatasan ang mga staff na taun-taong kumpletuhin ang pagsasanay na ito.

On-Boarding

Kasabay ng pag-onboard ng mga bagong staff sa Distrito ng Hangin, magsasama sa proseso ng on-boarding ng pagsasanay sa mga procedure para sa pag-accommodate ng mga taong may LEP.

Pag-abiso sa Mga Taong May LEP

Alinsunod sa mga regulasyon sa Pamagat VI, dapat mabigyan ang publiko ng abiso sa impormasyon. Nagbibigay ang Distrito ng Hangin ng abiso sa mga taong may LEP sa iba't ibang paraan, na kinabibilangan ng, pero hindi limitado sa:

- Abiso sa availability ng tulong sa wika at mga serbisyo sa pagsasalin sa website ng Distrito ng Hangin
- Mga dokumento (flier, press release, legal na abiso, at brochure) na nakasalin at/o nagbibigay ng impormasyon tungkol sa availability ng mga serbisyo sa pag-interpret at pagsasalin
- Pagpapakalat ng impormasyon tungkol sa mga programa ng Distrito ng Hangin, gaya ng mga araw na Spare the Air, hanggang sa mga media outlet para maisulong ang kabatiran sa kalidad ng hangin at ang availability ng mga serbisyo sa pag-interpret at pagsasalin ng wika
- Mga partnership sa mga lokal na organisasyon sa komunidad na nagseserbisyo sa mga populasyong may LEP
- Mga may bayad na kampanya para sa pag-advertise, gaya ng Spare the Air, na nasa maraming wika
- Availability ng serbisyo sa pag-interpret at pagasasalin ng wika para sa abiso sa meeting ng lupon
- Mga staff ng Distrito ng Hangin na nagsanay sa pagsagot ng mga papasok na tawag sa maraming wika, partikular na sa pangkalahatang linya ng telepono at sa Hotline para sa Reklamo sa Kalidad ng Hangin
- Linya ng teleponong may kakayahang tumanggap ng mga mensahe sa maraming wika

Bukod pa rito, nagbibigay ang Distrito ng Hangin ng mga serbisyo sa pag-interpret at pagsasalin ng wika kapag hiniling at nang walang bayad sa sinumang indibidwal. Puwedeng humiling ang mga taong may LEP ng pag-interpret ng wika sa mga meeting o ng iba pang tulong sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa Distrito ng Hangin gamit ang numero ng telepono para sa linya ng wika, pangkalahatan, o pampublikong impormasyon.

Input mula sa Mga Partner sa Komunidad at Pag-update sa Plano para sa Hinaharap

Ia-update ng Distrito ng Hangin ang 2023 Plano, kung kinakailangan, para matiyak na may makabuluhang access ang mga taong may LEP sa mga programa at serbisyo ng Distrito ng Hangin. Makikipag-ugnayan ang Distrito ng Hangin sa mga partner sa komunidad sa buong Bay Area para makakuha ng impormasyon tungkol sa mga serbisyong ibinibigay ng Distrito ng Hangin sa kasalukuyan at matasa ang mga serbisyong ito gamit ang nakalap na feedback. Sa 2024, may babaguhin ang Distrito ng Hangin sa ulat na ito gamit ang impormasyong nakuha sa mga partner sa komunidad, at susuriin nito ang anumang adjustment sa mga serbisyo bilang tugon sa feedback na iyon.

Sa mga susunod na taon, susubaybayan ng Distrito ng Hangin ang mga ibinibigay na serbisyo para matiyak na may makabuluhang access sa mga programa at serbisyo ng Distrito ng Hangin. Pana-panahong tatasahin ulit ng Distrito ng Hangin ang data ng demograpiko ng Distrito ng Hangin kung available mula sa mga source ng pederal at lokal, at kukunin nito ang feedback ng mga staff, contractor, at lokal na partner sa komunidad na nagseserbisyo sa mga indibiwal na may LEP para masuri kung epektibo ang mga ibinibigay na serbisyo at makakuha ng mga rekomendasyon para sa pagpapahusay.

Bilang pagsunod sa mga alituntunin ng EPA ng US, susuriin ng Distrito ng Hangin ang ulat na ito sa hinaharap sa pamamagitan ng pagsusuri sa mga sumusunod:

- Mga pagbabago sa bilang at porsyento ng mga taong may LEP na nasa hurisdiskyon ng Distrito ng Hangin; kakailanganin dito na gamitin ang bagong data mula sa Census ng U.S., kung available
- Mga pagbabago sa dalas ng contact sa mga taong may LEP; kakailanganin dito na mag-survey sa mga staff at tasahin ang data mula sa mga ibinigay na serbisyo, gaya ng paggamit sa Linya ng Wika o ang mga hit sa mga nakasaling web page
- Uri at kahalagahan ng mga programa, serbisyo, at aktibidad ng Distrito ng Hangin sa mga taong may LEP; kakailanganin dito na tasahin ang mga bagong programa ng Distrito ng Hangin
- Feedback mula mismo sa mga taong may LEP at mula sa mga partner sa komunidad na nagseserbisyo sa mga taong may LEP tungkol sa pagiging epektibo ng mga ibinibigay na serbisyo

- Kaalaman ng mga staff sa mga ibinibigay na serbisyo, pagpapatupad sa Plano, at anumang natukoy na pagpapahusay sa serbisyo, pagiging epektibo ng mga kasalukuyang serbisyo, at posibleng pagpapahusay
- Pagiging epektibo ng mga pagsasanay ng mga staff sa LEP at gabay sa tulong sa wika ng buong Distrito ng Hangin

Appendix A: Mga Tala sa Data ng Census

Data mula sa Survey sa Komunidad ng Mga Amerikano (ACS) 2017-2021 Sinuri ang 5 taong pagtatantya para matukoy ang mga ginagamit na wika at ang mga kakayahan sa wikang Ingles sa hurisdiksyon ng Distrito ng Hangin. Ang ACS ay isang malawakang survey na isinasagawa ng Kawanihan ng Census ng U.S.. Nagbibigay ito ng mga pagtatantya sa populasyon batay sa data na nakolekta sa loob ng 1, 3, at 5 taon, kasama ang mga katangian ng demograpiko (gaya ng edad, lahi), ginagamit na wika, lugar ng kapanganakan, natapos sa edukasyon, kita at kahirapan, pabahay, trabaho, at iba pang paksa para sa mga estado, county, lungsod, at iba pang heograpikong lugar.

Bagama't available sa Bay Area ang 1 at 5 taong pagtatantya, ang data na ginamit para sa ulat na ito ay mula sa 5 taong pagtataya ng ACS kung saan pinagsasama-sama ang data na nakolekta sa loob ng 60 buwan mula 2017 hanggang 2021. Napili ang data set na ito dahil mas maaasahan ang mga istatistika nito kumpara sa mga pang-isang taong pagtatantya, at mas tumpak ito sa pagtukoy sa mga wikang iba pa sa Ingles (LOTE) na ginagamit sa Bay Area, husay sa Ingles ng mga nagsasalita ng mga wikang iyon, at mga lugar ng kanilang kapanganakan. Bukod pa rito, nagbibigay ang 5 taong pagtatantya ng block group data, ang pinakamababang antas ng heograpiya na available sa pamamagitan ng data ng ACS. Gumamit ng mga detalyadong talahanayan na may block group data para gumawa ng 'mga dot map' na nagpapakita sa density ng mga indibidwal na may limitadong kaalaman sa Ingles na nagsasalita sa 7 pangunahing wika sa buong pinagseserbisyuhang lugar ng Distrito ng Hangin. Makakakita ng higit pang impormasyon tungkol sa data sa https://www.census.gov/programs-surveys/acs/guidance/estimates.html.

Bagama't kadalasan, ang 5 taong pagtatantya lang ng ACS ang source ng data ng demograpiko, lipunan, ekonomiya, at pabahay para sa mga komunidad na masyadong maliit o hindi madalas ma-survey, kaya kapaki-pakinabang ito sa mga organisasyon para sa pagpaplano at pananaliksik, mahalaga ring tandaan ang mga limitasyon nito. Pagsasama-samahin sa iisang grupo ang mas maliliit na populasyon, at posibleng hindi partikular na mapangalanan ang mga diverse na wika.

Nangongolekta ang ACS ng data sa mga nagsasalita ng mga wikang iba pa sa Ingles, at inaalam nito ang kanilang kakayahang magsalita ng Ingles sa pamamagitan ng pagtatanong sa mga kalahok kung nagsasalita sa bahay ng wikang iba pa sa Ingles. Hinihiling sa mga kalahok na nagsasabing gumagamit sila sa bahay ng wikang iba pa

sa Ingles na tukuyin ang wika, at isaad kung sila ay "Mahusay" Magsalita, "Mahusay Naman" Magsalita," "Hindi Mahusay" Magsalita, o "Hindi Nagsasalita" ng Ingles. Ang lahat ng hindi pipili sa "Mahusay" magsalita ay ituturing na may limitadong kaalaman sa Ingles o may LEP. Ginagamit ng ulat na ito ang terminong LOTE bilang proxy para sa mga indibidwal na may LEP.
Pakitandaang kinakalap ang impormasyon ng wika para sa mga populasyong mahigit sa limang taong gulang, at kinakatawan ng lahat ng data sa ulat na ito ang populasyon ng Bay Area na mahigit limang taong gulang.

Data sa Mga Ginagamit na Wika

Noong 2015, may ipinakilala ang Census ng US na bagong sistema sa pag-code ng wika para mas makasunod sa pamantayang ISO-639-3 ng International Organization for Standardization. -

- **Kasama sa Spanish** ang Spanish, Spanish Creole, at Ladino.
- **Kasama sa Iba Pang Indo-European na Wika** ang karamihan ng mga wika sa Europe at ang mga Indic na wika ng India. Kasama rito ang mga Germanic na wika gaya ng German, Yiddish, at Dutch; Scandinavian na wika gaya ng Swedish at Norwegian; Romance na wika gaya ng French, Italian, at Portuguese; Slavic na wika gaya ng Russian, Polish, at Serbo-Croatian; Indic na wika gaya ng Hindi, Gujarati, Punjabi, at Urdu; Celtic na wika; Greek; Baltic na wika; at Iranian na wika.
- **Kasama sa mga Asian at Pacific Island na Wika** ang Chinese; Korean; Japanese; Vietnamese; Hmong; Khmer; Lao; Thai; Tagalog o Filipino; Dravidian na wika ng India gaya ng Telugu, Tamil, at Malayalam; at iba pang wika ng Asia at Pacific, kasama ang mga Philippine, Polynesian, at Micronesian na wika.
- **Kasama sa Lahat ng Iba Pang Wika** ang mga Uralic na wika gaya ng Hungarian; Semitic na wika gaya ng Arabic at Hebrew; mga wika ng Africa; Native North American na wika kasama ang mga American Indian at Alaska Native na wika; at indigenous na wika ng Central at South America.

Kinuha ng Distrito ng Hangin ang impormasyon sa itaas sa apat na pangunahing grupo ng wika mula sa Census ng US sa isang dokumentong pinamagatang *Language Use in the United States: 2019* nina Sandy Dietrich at Erik Hernandez, na Inilabas noong Agosto 2022. Makikita ang artikulo at ang impormasyon sa itaas sa: https://www.census.gov/content/dam/Census/library/publications/2022/acs/acs-50.pdf

Appendix B: Mga Mapa ng Density ng Wika

Figure B1: Mapa ng Distribusyon ng Mga Indibidwal na Nagsasalita ng Spanish na May Limitadong Kaalaman sa Ingles (Limited English Proficient, LEP)

Figure B2: Mapa ng Distribusyon ng Mga Indibidwal na Nagsasalita ng Chinese na May Limitadong Kaalaman sa Ingles (Limited English Proficient, LEP)

Figure B3: Mapa ng Distribusyon ng Mga Indibidwal na Nagsasalita ng Vietnamese na May Limitadong Kaalaman sa Ingles (Limited English Proficient, LEP)

Figure B4: Mapa ng Distribusyon ng Mga Indibidwal na Nagsasalita ng Tagalog na May Limitadong Kaalaman sa Ingles (Limited English Proficient, LEP)

Figure B5: Mapa ng Distribusyon ng Mga Indibidwal na Nagsasalita ng Korean na May Limitadong Kaalaman sa Ingles (Limited English Proficient, LEP)

Figure B6: Mapa ng Distribusyon ng Mga Indibidwal na Nagsasalita ng Iba Pang Indo-European na Wika na May Limitadong Kaalaman sa Ingles (Limited English Proficient, LEP)

Figure B7: Mapa ng Distribusyon ng Mga Indibidwal na Nagsasalita ng Iba Pang Asian at Pacific Island na Wika na May Limitadong Kaalaman sa Ingles (Limited English Proficient, LEP)

Talahanayan B1: Wikang Ginagamit sa Bahay para sa Populasyong May Edad na 5 Pataas

	Alameda	Contra Costa	Marin	Napa	San Francisco	San Mateo	Santa Clara	Solano	Sonoma	Kabuuan sa Bay Area
Kabuuang Populasyon	1,579,078	1,097,310	250,639	132,133	827,714	720,777	1,821,032	424,663	468,809	7,322,155
Ingles lang ang ginagamit	852,922	704,953	196,930	87,267	474,554	394,247	843,636	298,791	347,502	4,200,802
Spanish										
Kabuuang Spanish	*253,280*	*201,614*	*29,092*	*35,138*	*89,710*	*127,463*	*316,211*	*72,275*	*93,574*	*1,218,357*
"Mahusay" magsalita ng Ingles	164,837	123,555	15,729	18,687	57,711	77,826	199,465	45,265	51,802	754,877
Hindi "mahusay" magsalita ng Ingles	88,443	78,059	13,363	16,451	31,999	49,637	116,746	27,010	41,772	463,480
Chinese (kasama ang Mandarin at Cantonese)										
Kabuuang Chinese (kasama ang Mandarin, Cantonese)	*145,606*	*38,504*	*2,872*	*497*	*148,818*	*63,699*	*178,128*	*4,676*	*2,821*	*585,621*
"Mahusay" magsalita ng Ingles	68,770	20,259	1,445	222	60,401	35,330	98,710	1,753	1,178	288,068
Hindi "mahusay" magsalita ng Ingles	76,836	18,245	1,427	275	88,417	28,369	79,418	2,923	1,643	297,553
Vietnamese										
Kabuuang Vietnamese	*29,341*	*8,466*	*991*	*295*	*10,705*	*3,704*	*119,407*	*2,064*	*1,819*	*176,792*
"Mahusay" magsalita ng Ingles	14,006	3,747	331	197	4,223	2,446	46,437	1,124	964	73,475
Hindi "mahusay" magsalita ng Ingles	15,335	4,719	660	98	6,482	1,258	72,970	940	855	103,317
Iba Pang Indo-European na Wika										
Kabuuang Iba Pang Indo-European na Wika	*107,122*	*46,261*	*8,000*	*2,397*	*22,092*	*30,165*	*131,554*	*6,695*	*6,094*	*360,380*
"Mahusay" magsalita ng Ingles	82,816	32,754	5,780	1,569	18,826	23,561	105,175	4,108	4,405	278,994
Hindi "mahusay" magsalita ng Ingles	24,306	13,507	2,220	828	3,266	6,604	26,379	2,587	1,689	81,386

	Alameda	Contra Costa	Marin	Napa	San Francisco	San Mateo	Santa Clara	Solano	Sonoma	Kabuuan sa Bay Area
Tagalog (kasama ang Filipino)										
Kabuuang Tagalog (kasama ang Filipino)	*56,869*	*31,697*	*1,154*	*3,433*	*21,458*	*45,857*	*49,782*	*27,319*	*3,545*	*241,114*
"Mahusay" magsalita ng Ingles	40,109	22,531	838	2,166	13,615	29,665	31,784	17,901	2,505	161,114
Hindi "mahusay" magsalita ng Ingles	16,760	9,166	316	1,267	7,843	16,192	17,998	9,418	1,040	80,000
Iba pang Asian at Pacific Island na wika										
Kabuuang Iba pang Asian at Pacific Island na wika	*66,286*	*25,241*	*1,776*	*878*	*17,328*	*21,596*	*86,565*	*6,714*	*4,121*	*230,505*
"Mahusay" magsalita ng Ingles	49,636	18,467	1,239	579	11,130	14,483	66,519	4,131	2,679	168,863
Hindi "mahusay" magsalita ng Ingles	16,650	6,774	537	299	6,198	7,113	20,046	2,583	1,442	61,642
Korean										
Kabuuang Korean	*14,007*	*7,365*	*907*	*247*	*7,161*	*4,685*	*25,182*	*1,133*	*1,017*	*61,704*
"Mahusay" magsalita ng Ingles	7,438	3,800	466	145	4,224	2,797	14,119	564	345	33,898
Hindi "mahusay" magsalita ng Ingles	6,569	3,565	441	102	2,937	1,888	11,063	569	672	27,806
Russian, Polish, o iba pang Slavic na wika										
Kabuuang Russian, Polish, o iba pang Slavic na wika	*9,959*	*9,917*	*1,980*	*341*	*13,908*	*11,670*	*24,734*	*1,195*	*1,464*	*75,168*
"Mahusay" magsalita ng Ingles	7,245	6,705	1,212	208	8,672	7,632	16,783	930	1,030	50,417
Hindi "mahusay" magsalita ng Ingles	2,714	3,212	768	133	5,236	4,038	7,951	265	434	24,751
Iba pang wika at hindi tinukoy na wika										
Kabuuang Iba pang wika at hindi tinukoy na wika	*17,275*	*8,557*	*1,185*	*143*	*4,528*	*3,463*	*18,571*	*810*	*1,441*	*55,973*

"Mahusay" magsalita ng Ingles	11,411	6,623	907	133	3,452	2,962	13,727	587	1,048	40,850
Hindi "mahusay" magsalita ng Ingles	5,864	1,934	278	10	1,076	501	4,844	223	393	15,123

	Alameda	**Contra Costa**	**Marin**	**Napa**	**San Francisco**	**San Mateo**	**Santa Clara**	**Solano**	**Sonoma**	**Kabuuan sa Bay Area**
Arabic										
Kabuuang Arabic	*10,653*	*5,802*	*827*	*235*	*4,134*	*5,342*	*7,668*	*899*	*1,279*	*36,839*
"Mahusay" magsalita ng Ingles	7,367	4,168	481	162	3,045	3,781	6,236	624	972	26,836
Hindi "mahusay" magsalita ng Ingles	3,286	1,634	346	73	1,089	1,561	1,432	275	307	10,003
French, Haitian, o Cajun										
Kabuuang French, Haitian, o Cajun	*9,955*	*5,529*	*2,581*	*677*	*8,866*	*4,664*	*9,454*	*1,192*	*2,046*	*44,964*
"Mahusay" magsalita ng Ingles	8,820	4,861	2,223	601	7,832	3,960	8,496	926	1,757	39,476
Hindi "mahusay" magsalita ng Ingles	1,135	668	358	76	1,034	704	958	266	289	5,488
German o iba pang West Germanic na wika										
Kabuuang German o iba pang West Germanic na wika	*5,803*	*3,404*	*2,344*	*585*	*4,452*	*4,222*	*10,140*	*900*	*2,086*	*33,936*
"Mahusay" magsalita ng Ingles	5,201	2,971	2,189	572	4,264	3,874	9,328	823	1,955	31,177
Hindi "mahusay" magsalita ng Ingles	602	433	155	13	188	348	812	77	131	2,759

Appendix C: Input ng Mga Staff ng Distrito ng Hangin

Survey

Nagsagawa ng survey sa bawat dibisyon sa Distrito ng Hangin para matasa ang uri at dalas ng mga kasalukuyang interaksyon ng bawat dibisyon sa mga indibidwal na may LOTE, at ang mga kasalukuyang patakaran, programa, serbisyo, at gastos sa access sa wika. May tinukoy na respondent sa bawat dibisyon batay sa pagiging pamilyar sa mga operasyon sa access sa wika. Isinagawa ang survey noong Nobyembre at Disyembre 2022.

Kabilang ang mga respondent sa mga sumusunod na dibisyon/opisina:

1. Mga Pang-administratibong Resource
2. Pagtatasa, Pag-iimbentaryo, at Pagmomodelo (Assessment, Inventory, and Modeling, AIM)
3. Mga Komunikasyon
4. Pagsunod at Pagpapatupad
5. Pagkakaiba-iba, Pagkakapantay-pantay, at Pagiging Kabilang
6. Engineering (Pagbibigay ng Permit)
7. Hustisyang Pangkapaligiran at Pakikipag-ugnayan sa Komunidad
8. Tagapagpaganap na Opisina
9. Opisina para sa Pananalapi
10. Human Resources
11. Mga Serbisyo para sa Impormasyon
12. Mga Legal na Serbisyo
13. Pambatasang Opisina
14. Meteorology at Pagsukat
15. My Air Online (Web Team)
16. Pagpaplano at Proteksyon sa Klima
17. Mga Tuntunin at Estratehikong Patakaran
18. Mga Estratehikong Insentibo
19. Opisina para sa Pagpapatupad ng Teknolohiya (Technology Implementation Office, TIO)

Mga Interview sa Dibisyon/Opisina

Nagsagawa ng mga interview para makakuha ng impormasyon tungkol sa papel ng mga dibisyon sa pagbibigay ng mga serbisyo sa access sa wika. Kasama rito ang

pagtukoy sa mga kasalukuyang kasanayan, sa mga instrumento at estratehiya sa paghahatid ng mga serbisyo sa access sa wika, at sa mga pangangailangan at priyoridad ng bawat dibisyon para sa access sa wika. Ang mga kalahok sa interview ay kinabilangan ng mga indibidwal na may mga posisyon sa pamunuan. Pinili ng Team sa Proyekto ng Distrito ng Hangin ang mga nasabing kalahok. Limang (5) interview ang isinagawa, na may pitong (7) kalahok sa kabuuan. Isinagawa ang mga interview sa Zoom at naganap ang mga ito mula Marso hanggang Abril 2023.

Ang mga kalahok sa interview ay kabilang sa mga sumusunod na dibisyon:

1. Mga Komunikasyon: 3 kalahok
2. Pakikipag-ugnayan sa Komunidad: 1 kalahok
3. Engineering: 1 kalahok
4. My Air Online (Web Team): 1 kalahok
5. Ehekutibong Opisina/Pagkakapantay-pantay: 1 kalahok

Focus Group ng Staff sa Frontline

Nagsagawa ng focus group para mas makakuha ng insight sa papel ng bawat dibisyon sa access sa wika at sa mga interaksyon sa mga miyembro ng komunidad na may LOTE mula sa pananaw ng mga staff sa frontline. Ang focus group ay kinabilangan ng mga staff sa frontline na regular na may interaksyon at direktang nagseserbisyo sa publiko, na posibleng mas maraming direktang interaksyon sa mga miyembro ng komunidad na may LOTE. Kasama ang mga sumusunod na dibisyon sa mga kalahok sa focus group:

1. Mga Pang-administratibong Resource
2. Pagsunod at Pagpapatupad (2 indibidwal)
3. Tagapagpaganap na Opisina
4. Meteorology at Pagsukat
5. Pagpaplano at Proteksyon sa Klima
6. Mga Tuntunin at Estratehikong Patakaran
7. Mga Estratehikong Insentibo
8. Opisina para sa Pagpapatupad ng Teknolohiya (Technology Implementation Office, TIO)

Talahanayan C1: Buod ng Pangongolekta ng Data

Mga Paraan ng	Timeline	Mga kalahok

Pangongolekta ng Data		
Survey sa Pakikipag-ugnayan ng Departamento	Nobyembre-Disyembre 2022	19 na Respondent
Mga Interview sa Departamento	Marso-Abril 2023	5 Interview, 7 Kalahok
Focus Group ng Staff sa Frontline	Abril 2023	9 na Kalahok

Appendix D: Mga Gastos sa Pagsasalin

Ang sumusunod ay mga halimbawa ng mga kasalukuyang gastos sa kasabay na pag-interpret at pagsasalin, pero hindi ito isang kumpletong repleksyon ng kung paano puwedeng magbayad ang Distrito ng Hangin para sa pagsasalin o pag-interpret. Nakikipagtulungan ang Distrito ng Hangin sa ilang contractor para magbigay ng mga serbisyo sa kasabay na pag-interpret at pagsasalin, at nag-iiba ang mga gastos.

Talahanayan D1: Mga Karaniwang Rate para sa Serbisyo sa Pagsasalin

Mga Karaniwang Rate para sa Serbisyo sa Pagsasalin	
Wika	**Bayad Bawat Salita***
Spanish	$0.18
Traditional Chinese	$0.20
Simplified Chinese	$0.20
Tagalog	$0.22
Vietnamese	$0.22
Iba Pang Wika	*Nag-iiba*
**Ang bayad bawat salita ay puwedeng mas mababa sa mga pagkakataon kung kailan daati nang naisalin ng Distrito ng Hangin ang isang salita o termino, o kung umuulit ito sa dokumento, atbp.*	

Talahanayan D2: Mga Rate para sa Mga Proyekto sa Pagsasalin

Mga Rate para sa Mga Proyekto sa Pagsasalin	
Multilingual na Desktop Publishing	$75.00 bawat oras
Pangalawang Proofing	$65.00 bawat oras
Third-party na Pagsusuri	$75.00 bawat oras
Output na Nakakasunod sa Batas sa Mga Amerikanong May Kapansanan (Americans with Disabilities Act, ADA)	$85.00 bawat oras

Talahanayan D3: Mga Rate ng Mga Karagdagang Pansuportang Serbisyo

Mga Rate ng Mga Karagdagang Pansuportang Serbisyo *(Para sa Spanish, Traditional Chinese, Simplified Chinese, Tagalog, at Vietnamese)*	
Pamamahala ng Proyekto	5% ng kabuuan ng proyekto
Rush Fee	25% ng kabuuan ng proyekto
Pang-agarang Rush Fee	$75.00 + bayad bawat salita
Pang-emergency na Rush Fee	$250 + bayad bawat salita, para sa hanggang 200 salita

Talahanayan D4: Kasabay na Pag-interpret sa Telepono

Kasabay na Pag-interpret sa Telepono *(para sa mga tawag sa telepono sa Distrito ng Hangin)*	
Wika	**Bayad Bawat Minuto***
Spanish	$0.17 bawat minuto
Mandarin	$0.18 bawat minuto
Vietnamese	$0.18 bawat minuto
May iba pang available na wika kapag hiniling; noong 2022, hindi nakatanggap ang Distrito ng Hangin ng mga kahilingan para sa pag-interpret sa iba pang wika.	
**Pagtatantya lang ang lahat ng bayad bawat minuto*	

Talahanayan D5: Kasabay na Pag-interpret sa Spanish Habang Nasa Meeting

Kasabay na Pag-interpret sa Spanish Habang Nasa Meeting	
Teknikal na Suporta Habang Nasa Meeting	$170.00 bawat oras
Interpreter ng Spanish	$180.00 bawat oras
Suporta bago ang at pagkatapos ng meeting	$170.00 bawat oras